

Ang Hari, si Virus, at ang nawalang Korona

(Filipino-Tagalog)

Noong unang panahon may isang Hari na walang korona.

Nalungkot ang Hari dahil walang kumikilala o rumerespeto sa kanya dahil wala siyang korona.

Ang Korona ay ninakaw sa kanya ng isang nakakatawa, kakaiba, at maliit na tao, na tinatawag ang kanyang sarili na Virus, ngunit Corona Virus ang naging tawag sa kanya ng nakararami sapagka't ninakaw niya and korona ng Hari. Palagi niyang suot ang pula at puting korona sa kanyang ulo at ipinakikita sa lahat habang pinapasok niya ang mga tindahan, palengke at, maging ang mga tahanan ng mga tao, habang hinahawakan niya ang lahat.

Sa bawat oras na may hahawakan siyang isang bagay ay nag-iiwan siya ng isang maliit na bakas ng daliri, isang maliit na pulang marka, na katulad ng isang manipis na pulbos na naiiwan sa mga bagay. Ang mga taong nahawakan niya ay nagiging pula at unti-unting nagkakasakit. Ngunit masaya siya sa ginagawa niya at higit lalo siyang nasisiyahan na sa bawat paghipo niya ay unti unting nagiging kulay pula ang buong nayon sa loob lamang ng ilang araw.

Ang Hari ay hindi natuwa.

Araw-araw ay sinasabi sa kanya ng kanyang mga kalihim at tagapayo na ang maliit na halimaw na nagnakaw ng kanyang korona ay binabago ang kanyang kaharian hindi lamang sa kulay kundi pati na rin sa kalagayan: lalo silang nalulungkot at nagkakasakit, at lahat sila ay nagsimulang magalit sa Hari na parang ibinigay niya ang korona kay Virus upang mang-inis ng mga tao. Nagalit ang Hari at nag-alala sa kung ano ang nangyayari, kaya isang araw ay napagpasyahan niya na oras na upang kumilos at ibalik ang kanyang korona at pigilan ang masamang taong ito na sumisira sa buhay ng kanyang mga tao.

Nagsimula siyang mag-isip at mag-aral, at tinawag niya ang kanyang mga kalihim at tagapayo upang pakinggan ang kanilang mga ideya upang makapagpasya siya. Buong araw ay pinag-uusapan nila ito sa pagsisikap na isipin kung paano ihinto si Virus at makuha ang korona, ngunit wala sa mga solusyon ang nakakumbinsi sa Hari. Natulog siya nang gabing iyon na sobrang nag-aalala at bigo.

Ngunit sa gabing iyon, habang natutulog at nananaginip, isang ideya ang dumating sa kanyang isipan: ang magbihis siya bilang isang manggagawa sa kalsada, tulad ng mga nag-aayos ng mga butas, may dalang isang balde na puno ng isang siksik na itim na matibay na pandikit na ikakalat sa lupa at kung sinumang tumayo dito ay agad na hihinto sa kanilang kinatatayuan. Sa pagbabalat-kayong ito at sa ganitong klase ng kagamitan, naisip niyang makakapaglibot siya sa buong nayon para hanapin si Virus. Sa sandaling natagpuan niya ang manloloko ay maaari niyang tawagan ito upang humingi ng impormasyon, at habang siya ay papalapit ay mabilis niyang ibubuhos ang pandikit sa harap niya na kayang hadlangan si Virus kung saan ito nakatayo, at kuhanin ang kanyang korona habang nagpupumilit itong palayain ang sarili.

Kinabukasan, masaya sa ideyang ito ay tinawag niya ang kanyang pribadong sekretarya at hiniling na dalhan siya ng mga pangkalahatang suot ng mga manggagawa, mabibigat na botang pantrabaho, helmet, guwantes, isang balde at espesyal na itim na pandikit na ginamit upang punan ang mga butas sa bitun.

Nang dumating na ang lahat ng kagamitan, nagbihis ang Hari ng kakaibang pananamit na ito at iniwan ang kanyang kastilyo nang walang sinuman na nakakikilala sa kanya, lumakad patungo sa gitna ng nayon para hulihin ang isinumpang Virus na sobrang nagagalak, kinakabahan pero determinado.

Sa sandaling nasulyapan niya ito sa isang gilid ng kalye, inihanda niya ang kanyang sarili, lumapit siya upang marinig siya nito at nagtanong:
"Ginoong Virus, maaari ka bang pumarito, may pabor akong nais itanong sa iyo?"

Inakala ni Virus na ito ay isang bagong pagkakataon upang hawakan ang isa pang taga-nayon, kaya masayang nilapitan niya ang tila isang ordinaryong manggagawa. Ngunit nang makalapit siya sa Hari, na pansamantala ay nagbuhos ng maraming pandikit sa kalsada, nadama niya na ang kanyang mga paa ay natigil sa lupa, at ganap na nakadikit dito. Nagsimula siyang humiyaw at sumigaw, iwinagayway niya ang kanyang mga kamay at sinisikap na tanggalin ang kanyang sapatos, hinawakan ng Manggagawang Hari ang Korona mula sa ulo ni Virus at tumakbo!

Nakatayo roon ang Virus, walang takip ang ulo at sumigaw ng buong lakas, habang ang marami sa mga naninirahan sa kalye ay nagsidatingan upang panoorin kung ano ang nangyayari. Pagkakita nila kay Virus na walang

korona at nakadikit sa lupa, nagsimula silang sumigaw sa galak. Isang tao ang kumuha ng lubid upang itali siya, i-alis siya mula sa kanyang sapatos at ihatid siya sa kulungan upang sa wakas ay mapigilan ang mapaminsalang impluwensya niya sa buong nayon kasama ang mga tao na nagkasakit at namumula.

Bumalik ang Hari sa Kastilyo, nagpalit ng kanyang kasuotang pang hari, ibinalik ang kanyang korona at nag-organisa ng isang prusisyon upang ipakita sa lahat na siya ay naging mabuting Hari muli, at ang nayon ay mabubuhay nang mapayapa at, kasama ang lahat ng may sakit na gumaling at ang isinumpang si Virus sa bilangguan, ang buhay ay magiging mas mahusay at higit pa para sa lahat.

(Charito e Desiree Basa con Norma Apo: Filipino Women's Council)